# KODA NG PAG-UUGALI

## PARA SA MGA EMPLEYADO AT MGA BOLUNTIR

## *sa Simbahang Katoliko sa Aotearoa New Zealand*

Ang mga kasanayan at kadalubhasaan na inaalay ng mga empleyado at boluntir sa kanilang tungkulin ay mahalaga sa buhay ng Simbahan at lubos na pinahahalagahan. Ang lahat ng nagsasagawa ng trabaho para sa Simbahan, may bayad man o wala, ay kumakatawan sa Simbahan at may mga inaasahang paraan ng pagganap sa kanilang tungkulin.

Nakasaad sa Koda ng Pag-uugali na ito para sa mga Empleyado at mga Boluntir ang mga inaasahang pag-uugali. Hinihiling sa lahat ng empleyado at boluntir na basahin at lagdaan ang Koda ng Pag-uugali bilang patunay na nauunawaan at tinatanggap nila ang mga pamantayang ito ng pag-uugali.

Bilang isang Empleyado ng Simbahan o Boluntir sumasang-ayon ako na:

- Ako ay magiging tapat at mapagkakatiwalaan.
- Gagampanan ko ang aking takdang tungkulin o inilarawang trabaho..
- Hihingi ako ng suporta kung nahilingang gumawa ng isang bagay na lampas sa aking karanasan, kwalipikasyon o komportableng gawin.
- Susundin ko ang lahat ng patakaran at pamamaraang inatas sa akin sa panahon ng aking pagtatrabaho.
- Tatratuhin ko ang lahat nang may paggalang at mabuting asal..
- Ako ay may personal na pananagutan para sa aking mga desisyon at aksyon upang lumikha ng isang ligtas at sumusuportang kapaligiran sa komunidad ng aking Simbahan.
- Iiwasan ko ang anumang aktibidad na maaaring magdulot ng kasiraan sa Simbahan o komunidad ng aking Simbahan.
- Sisiguraduhin kong hindi maaapektuhan ng aking mga personal na interes o relasyon ang aking mga aksyon.
- Susundin ko ang mga pamamaraan ng pag-iingat kapag may kasama akong bata o grupo ng mga bata o kapag nagbibigay ng ministeryo o serbisyo sa sinumang nasa hustong gulang.
- Igagalang ko ang mga karapatan sa pagkapribado at pagiging kumpidensyal ng mga tao at ang kumpidensyal na impormasyon ay ibabahagi lamang sa iba kung may kaalamang pahintulot ng tao, maliban kung may malinaw na panganib ito sa kanila o sa iba.

- Sineseryoso ko ang lahat ng paratang ng pananakit o pang-aabuso at susundin ko ang ating mga pamamaraan sa pag-uulat. Naiintindihan ko na may karapatan din akong mag-ulat ng anumang pag-aalala o paratang ng pang-aabuso o pananakit nang direkta sa Pulis o Oranga Tamariki (Ministri para sa mga Bata).
- Igagalang ko ang mga prinsipyo ng Te Tiriti o Waitangi sa aking trabaho. Igagalang ko ang kultura ng ibang tao.
- Kung ang aking pag-uugali o pag-aasal ay napatunayang lumalabag sa Koda ng Pag-uugali na ito, nauunawaan ko na maaaring kabilang sa mga kahihinatnan ang pangangailangang humingi ng tawad, pagsasanay, istratehiya sa pagpapahusay ng paggampan, mga babala o pagkasisante.

Kung hindi ko naiintindihan ang anumang aspeto ng Koda ng Pag-uugali na ito, kakausapin ko ang aking manedyer, superbisor, o lider sa ministeryo (ministry leader).

Nilagdaan bilang pagkilala na ang Koda ng Pag-uugali na ito ay natanggap ko, nagkaroon ako ng pagkakataong basahin at magtanong tungkol dito, at sumasang-ayon akong susunod sa mga tuntunin nito:

Pangalan: ....................................................................................................

Lagda: ...................................................... Petsa: ....................................

Ang lahat ng personal na impormasyong nakolekta ng organisasyong ito ay pinangangasiwaan alinsunod sa Privacy Act 2020.